IJAMS INTERNATIONAL JOURNAL OF ADVANCED MULTIDISCIPLINARY STUDIES
Volume IV, Issue 6 June 2024, eISSN: 2799-0664

# Pinasi: Pagsusuri sa Mga Kwentong Bayan ng mga Clavernon sa Claver, Surigao Del Norte

**MARIA O. GALGO**
**DENZEL MARK A. CIRUELA**
**ANGELANIE S. JAMIL**
**MAY-ANN H. CURIAS**
**ALMERA S. GALGO**
Surigao del Norte State University, Claver Extension

*Abstrak* — Ang pagsusuri ng Pasalitang literatura ng Clavernon sa Claver, Surigao Del Norte: Mga Kuwentong Bayan ay naglalayong maunawaan ang kultural na ugnayan ng sampung barangay sa Claver. Sa pamamagitan ng malalim na pag-aaral at pagsasaliksik, natuklasan ang mga aral, tema, at simbolismo na matatagpuan sa mga kuwentong-bayan. Ang pagsusuring ito ay nagpapakita ng mga tema tulad ng kabaitan at pagbabago, pag-unlad, pagkakamali at pagkakataon, pagpapahalaga sa tunay na kagandahan ng buhay, at pagpupunyagi at pagtitiyaga sa harap ng mga hamon ng buhay. Kasama rin sa pagsusuri ang ugnayan ng bawat komunidad sa kalikasan at mga supernatural na puwersa. Natuklasan na ipinapakita ng mga kwentong bayan ito ang mga aral na dapat matutunan at hindi dapat kalimutan ng mga tao. Ang simbolismo, sa kabilang banda, ay ginagamit upang magpahayag ng mga kahulugan at mensahe na higit pa sa literal na kahulugan ng kwento. Sa kabuuan, ang pagsusuring ito ay nagbibigay ng mahalagang kaalaman tungkol sa Pasalitang Literatura ng Clavernon sa Claver. Ipinapakita nito ang kahalagahan ng mga kuwentong-bayan bilang mga salamin ng kultura at tradisyon ng mga komunidad at ang kultural na ugnayan na bumubuo sa mga ito. Ang mga natuklasan na ito ay naglalayong makapagbigay ng kamalayan at pagpapahalaga sa kasaysayan, mga aral, tema, at simbolismo sa mga kuwentong-bayan ng mga lokal na barangay sa Clavernon.
Isinagawa ng mga mananaliksik ang pag-aaral na ito sa pamamagitan ng kwalitatibong uri ng pananaliksik at paggamit rin ng disenyong paglalarawan o descriptive design kung saan nangalap ng mga kwentong-bayan mula sa interbyu. Ang mga tagatugon sa pag-aaral ay mga mamamayan sa anim na barangay ng lungsod ng Claver, ang Tayaga/lawihon, Cabugo, Daywan, Ladgaron, Magallanes, at Bagakay. Samakatuwid, ang pagpili ng kalahok sa taga-tugon ay naaayon sa kanilang oras kung kailan sila malayang makipanayam. Ang kwentong bayan naman na nakalap mula sa mga interbyu ay sinuri batay sa balyus o aral, tema, simbolismo, at ugnayang kultural. Sa pamamagitan ng ganitong disenyo, mas malawak na maipapahayag at maanalisa ang mga kwentong-bayan na makuha at mas malawak na maipahayag ang mga sinuring kwentong-bayan.

***Keywords — Pagsusuri, Pasalitang Literatura, Clavernon, Kuwentong-Bayan, Kultural Na Ugnayan, Barangay, Aral, Tema, At Simbolismo***

## I. Panimula

Ang mga kwentong-bayan ay mga hibla ng ating kasaysayan at kultura. Sa bawat kwento, taglay nito ang mga kolektibong alaala, aral, at tradisyon na nagbigay-tatak sa ating pagkakakilanlan bilang mga Pilipino. Ang pinagsama samang kwento na tinatawag na “Pinasi” o

Copyright © 2024 IJAMS, All right reserved

maragsa ay pinagpilian na maging koleksyon para maging batayan sa pagkakakilanlan ng mga pinagmulan nito. Sa pamamagitan ng pagpapasa-pasa ng mga kwentong-bayan mula sa isang henerasyon patungo sa susunod, tumutulong ito sa pagpapalaganap at pagpapayaman ng ating kultura. Ayon kay David (2021), ang mga kwentong-bayan ay hindi lamang simpleng mga kuwento kundi mga kasangkapan din sa pagpapalaganap ng kaalaman at pag-unawa sa lipunan. Sa pamamagitan ng pagsusuri sa mga kwentong-bayan, mapapanatili ang kanilang kabuluhan at masasalamin ang mga pananaw, tradisyon, at halaga ng isang kultura. Datapwa't, ang kakulangan sa pagsaliksik at pagpapahalaga sa mga ito bilang bahagi ng kultura at pagkakakilanlan ng isang bansa ang nagbunsod sa mga mananaliksik na isagawa ang pananaliksik na ito. Kabilang na rito ang mga kwentong bayan na nakakalimutan na sa paglaon ng panahon o hindi sapat na binibigyang halaga. Mahalaga ang maayos at sistematikong pagsusuri sa mga kwentong-bayan, ayon kay Demetri (2020), upang mapanatili ang kanilang pagkakaiba at kahalagahan sa kasalukuyang lipunan. Dagdag pa ni Santos at Baaram Bhatta (2021), ang pag-aaral sa mga kwentong-bayan ay may potensyal na magbigay ng kaalaman at pang-unawa sa kasaysayan, paniniwala, at karanasan ng mga sinaunang komunidad. Kung susumahin, dapat lamang na suriin ang pasalitang literatura, partikular na ang mga kwentong-bayan, ng mga Clavernon sa Claver, Surigao del Norte. Kasama rito ang pagsusuri sa mga tema, kultural na kahalagahan, paraan ng pagsasalaysay, at mga pagsisikap sa pagpapanatili ng mga oral na tradisyon upang makuha ang kabuuang konteksto ng kanilang kultura at kasaysayan. Kung kaya ay nagsisilbing gabay at ilaw ang pananaliksik na ito sa tunguhin at misyon na makagawa ng mga Babasahing Kwentong-bayan upang maipreserba at maipasa sa susunod na henerasyon ang mga mahahalagang kwento at kaalaman ng kanilang komunidad.

**Kaugnay na Literatura**

Sa pagsusuri sa mga kaugnay na literatura ukol sa kwentong-bayan ng mga Clavernon sa Claver, Surigao Del Norte, nagsilbing gabay ang mga literatura upang maunawaan ang kabuuang konteksto at kahalagahan ng oral na tradisyon ng mga katutubong ito. Ito ay nagsilbing mga detalye na sumusuporta sa pananaliksik upang mas magkaroon ng matibay at malawak na kaalaman. Ang mga pasalitang literatura, partikular ang mga kwentong-bayan, ay may malaking papel sa pagpapalaganap ng kultura at kaalaman sa mga lipunang tradisyonal. Sa pag aaral ni Barrios (2021), ipinakikita na ang mga kwentong-bayan ay naglalarawan ng mga pang-araw araw na karanasan ng mga tao, nagpapahayag ng kanilang mga paniniwala at kultura, at nagbibigay-daan sa pagpapasa ng kaalaman mula sa henerasyon hanggang sa henerasyon. Dagdag pa, binigyang-diin nina Smith at Johnson (2021) ang papel ng folklore sa pagbuo ng mga kaugalian at halaga ng kultura, na nagbibigay ng isang balangkas para sa pag-unawa sa mga dinamiko at tradisyon ng lipunan. Sa pamamagitan ng pagsusuri sa mga kwentong-bayan, nakakakuha ang mga indibidwal ng mga pananaw sa mga kolektibong karanasan at paniniwala na nagtutulak sa kanilang kultural na pamana.

Copyright © 2024 IJAMS, All right reserved

Ang pag-aaral at pagpapahalaga sa mga kwentong-bayan ay nagbibigay-diin sa pag-unawa sa kahalagahan ng oral na tradisyon sa lipunan. Ayon kay Aguinaldo (2020), ang mga kwentong-bayan ay hindi lamang simpleng pasalitaan ng kuwento kundi isang proseso ng pagpapalitan ng kaalaman at karanasan sa loob ng komunidad. Ito ang nagbibigay-tibay sa ugnayan ng mga miyembro ng lipunan at nagpapalaganap ng mga aral at paniniwala sa bawat henerasyon. Sa pananaliksik ni Magdalena (2020) ay nagpapahayag na sa pamamagitan ng mga kwentong-bayan, ipinapakita ang kahalagahan ng pagtutulungan at pagkakaisa sa pagharap sa mga hamon ng buhay. Sa kabuuan, layunin ng pag-aaral at pagpapahalaga sa mga kwentong-bayan na mapanatili at palalimin ang ugnayan ng mga miyembro ng lipunan, pati na rin ang pagpapahalaga sa kanilang kultura at kasaysayan. Ang pag-aaral sa mga kwentong-bayan ay nagbibigay-diin sa pagpapahalaga sa mga saloobin, paniniwala, at tradisyon ng isang kultura.

Ayon kay Dela Cruz (2019), ang mga kwentong-bayan ay hindi lamang bunga ng imahinasyon ng mga tagapagsalaysay kundi naglalarawan din ng mga katotohanang pangkasaysayan at pangkultura ng isang lugar. Sa pamamagitan ng pagsusuri sa mga ito, nagiging mas malalim ang pag-unawa natin sa mga pangunahing konsepto at halaga na bumubuo sa ating lipunan. Dagdag pa nito, ayon kay Areglado (2020), ang pag-aaral sa mga kwentong-bayan ay nagbibigay-daan sa atin upang mapanatili ang ating koneksyon sa ating mga ninuno at ang pagpapahalaga sa kanilang mga alamat at karanasan. Sa ganitong paraan, ang mga kwentong-bayan ay patuloy na bumubuhay at nagpapalaganap ng kultura, pati na rin ang kaalaman at mga aral mula sa nakaraan.

Sa kabilang banda, iginiit ni Albert Lord (2019), ang oral na tradisyon ay may kakayahan na magbago at mag-angkop sa iba't ibang panahon at karanasan. Sa kanyang pag-aaral sa mga epiko ng sinaunang Gresya at Yugoslavia, ipinakita ni Lord kung paano nagbabago ang mga kwento depende sa mga pangyayari at pangangailangan ng komunidad. Sa huli, sinuri naman ni Walter Ong (2019) ang epekto ng teknolohiya sa pag-unlad ng oral na literatura. Sa kanyang aklat na "Orality and Literacy: The Technologizing of the Word," ipinaliwanag ni Ong kung paano nakaimpluwensya ang pagsulat at iba't ibang anyo ng komunikasyon sa pagbabago ng mga kwentong-bayan at sa kanilang pagpasa sa mga susunod na henerasyon.

## II. Metodolohiya

Ang pananaliksik na ito ay isinagawa gamit ang kwalitatibong uri ng pananaliksik na kung saan, ang disenyo ng paglalarawan o descriptive design ay ginamit upang maipaliwanag nang husto ang mga antolohiyang kwentong-bayan na nalikom mula sa mga Clavernon. Napili ang Barangay Daywan, Ladgaron, Tayaga, Cabugo, Bagakay, at Magallanes bilang pangunahing pokus ng pananaliksik. Sa kabilang dako, ang mga mananaliksik ay nakipanayam bilang instrumento sa pagkolekta ng datos. Ang mga nakolektang datos naman ay inanalisa naman gamit ang content analysis upang masuri ang mga balangkas, aral, tema, simbolismo, kultural na ugnayan, at mga bukabularyong salita ng mga kwentong-bayan ng mga Clavernon. Sa

Copyright © 2024 IJAMS, All right reserved

pamamagitan ng ganitong pamamaraan, masusing naipaliwanag at naunawaan ang mga impormasyon na nakuha mula sa mga respondente.

Ang mga kalahok sa pananaliksik na ito ay mga lumad Clavernon na naninirahan sa Lungsod ng Claver Surigao del Norte. Ito ang napiling tugon ng mga mananaliksik upang maging sapat ito mulasa gamit na disenyo ng pag-aaral. Mayroong anim na barangay napapaloob dito, ang Tayaga, Ladgaron, Daywan, Magallanes, Bagakay at Cabugo. Matutunghayan din na may tig dalawang (2) at isa (1) mga impormante bawat barangay kaya mayroon itong kabuuang bilang na sampu. Nakikipagpanayam ang mga mananaliksik sa napiling mga lumad ng bawat barangay kung saan aalamin ang mga kwentong-bayan na mula sa mga kanilang ninuno na ma pa hanggang ngayon ay dala-dala parin nila.

Ang mga mananaliksik ay gagamit ng *convenience sampling* na isang *non-probability sampling method* kung saan ang mga tao ay pinipili para maging bahagi ng mga respondente dahil sila ay madaling ma-access ng mga mananaliksik. Ang pagpili sa mga respondente ay maaaring batay sa geograpikal na kalapitan, kahandaan na makipagtulungan sa pananaliksik, o kahit ang kanilang pagiging available sa isang tiyak na oras (Nikolopoulou, K., 2019) Upang tiyakin na hindi masyadong aksayahin ang oras ng mga respondente, ang interbyu ay tatagal ng 30 minuto hanggang 1 oras. Ang ganitong tagal ay angkop para mapanatili ang interes at atensiyon ng mga respondente habang nakakakolekta ng sapat na datos para sa pag-aaral. Itinatangi rin ng mga mananaliksik na ang mga sagot ng mga respondente ay mananatiling kumpidensiyal upang hikayatin ang tapat at tama na mga sagot. Content Analysis ang ginamit upang masuri ang mga balyus o aral, tema, simbolismo, kultural na ugnayan at mga bukabularyung salita na napaloob sa mga kwentong bayan ng mga Clavernon.

## III. Resulta at Pagtalakay

Sa kabanatang ito ay matutunghayan ang mga kwentong bayan na nakalap at pagtatalakay tungkol sa pagsusuri ng mga kwentong-bayan sa mga lumad Clavernon sa lungsod ng Claver Surigao del Norte.

**Talahanayan 1**
**Mga Suring Aral batay sa nakalap na mga Kwentong Bayan**

| PAMAGAT | PILING PAHAYAG | ARAL |
|---|---|---|
| Cabugo | Nang nag mesa na ang pare sinabi ng pare sa loob ng simbahan CABUG *go go go* kung sa ating salita ay alis alis alis yun ang naging paraan ng pare na gamitin ang kanilang sariling linguahi upang mapa alis niya ang mga Paniki na naninirahan sa Kapilya. | Pagpapahalaga |
| Ang Lumang Puno | "Desperado si Pedro at naisipan niyang pumunta sa bundok para subukan ang sinasabing kapangyarihan ng lumang puno. Tinahak niya ang matarik na daan, at nang makarating sa tuktok, | Ginagantimpalaan ang mga taong hindi nawawalan ng pag-asa. |

Copyright © 2024 IJAMS, All right reserved

| | | |
|---|---|---|
| | nakita niya ang napakagandang puno na pono ng malulusog na dahon. | |
| Tayaga | "Ni walang Armas si Santiaga sa panahong iyon tanging dasal lamang ang ginawa upang talunin ang mga pirata" | Ang pananampalataya ay mas mabisang sandata laban sa kahit ano pang dahas. |
| Ang kwento ng Santilimo | Ito ay isang Santilmo na mga Espirito na galing sa patay." | Mahalaga ang pagbibigay respeto sa mga nilalang sa mundo. |
| Sundalong Kabakhawan | "San Pedro Claver na pinaniniwalaan na promoprotekta sa kanila sa pamamagitan ng kabakhawan upang hindi sila lusubin ng masasamang tao, kaya hindi natuloy ang pag lusob ng mga Hapones dahil sa kanilang pinaniniwalaan." | Taimtim na panalangin sa may kapal |
| Ang Kwento Ng Federoad | "Ito'y naging susi na dumani ang mga taong nanirahan dito dagang pa nito nagbukas para sa kanila magkaroon ng lugar na matatawag na kanila, kaya ng lumaon unti-unting napaganda at ito'y sementado na pwede ng madaanan ng mga sasakyan at naging bukas na sa mga taong nanirahan dito ang pagmamahal sa kanilang sariling daan." | Kung ito ay kaisipang papairalin sa bansa, hindi malayong umunlad din ito pagdating ng panahon kung ang mga naninirahan ay bukal sa pusong pangangalagaan ito. |
| Ang Kwento ni Maria at Kasili | "Nakikinig lamang si Maria pero ang hindi alam ng kapitbahay niya, siya ang napakagandang babae na iyon. Dahil sa kanyang kapangyarihan na tanging ang kanyang kaibigang kasili" | Pagbabagong anyo (menanang kabutihan0 |
| Masdong Tao at Tyaka Aswang | " Mula sa pagkamatay ni Polana ay tahimik na ang kanilang lugar at walanag katatakutan ng mga tao kaya yun ang kwento ni tatay kikoy na galing sa kanyang lolo." | Ang katahimikan o kapayapaan ay makakamtan kung may gagawa ng paraan. |
| Pulo ng Liwayway | "Sa bawat umaga, may pag-asa na sisiklab." | Kung patutuloy kang susubok na harapin ang di siguradong bukas nang may pag-asang maaayos din ang lahat ayon sa gusto ng Diyos. |
| Prinsipe Agtaay | "Ayoko sayo ang baho mo, napaka lansa mo at isa kang Agtaay."<br>"Sumagot si Floricita, duh! hindi ka nga tinanggap ni ate ako pa kaya? Napaka baho mo umalis ka dito." | Hindi dapat hinuhusgahan ang kakayahan ng isang tao ayon sa panglabas na kaanyuhan. |

Matutunghayan sa talahanayan 1 ang mga Balyus o aral na nakapaloob sa Kwentong Bayan ng mga Clavernon sa lungsod ng Claver, Surigao del Norte nanalikom ng mgamananaliksik. Ang "**Kwentong Bayan na Cabugo**" na may aral na "Ang kahalagahan ng sari-sarili nating mga lenggwahe. Karagdagan pa dito ay ang tinatawag na "language barrier" kung saan ang pagkakaiba ng wika ay nagsisilbing hadlang sa maayos na komunikasyon at nagsasanhi ng hindi pagkakaintindihan. Ang "**Kwentong Bayan na Ang lumang puno**" May mga pagkakataon na ang mga sitwasyon sa buhay ng isang tao ay tila ba wala nang pag-asa. Sa kwento na ito ni Pedro, bagamat sinabi sa kanya na wala nang pag-asang gumaling ang kanyang sakit, sinikap niya paring mapuntahan ang puno. Ang daan ay hindi naging madali, ngunit sa kanyang pagpupursigi ay

Copyright © 2024 IJAMS, All right reserved

narating niya ito. Ginagantimpalaan ang mga taong hindi nawawalan ng pag-asa at patuloy na kumakayod para makamit ang mga inaasam. Ang "**Kwentong Bayan na Tayaga**" Ang pananampalataya ay mas mabisang sandata laban sa kahit ano pang dahas. Sinasalamin nito ang relihiyosong pananaw ng mga unang mamamayan sa Kwentong Bayan. Ang "**Kwentong Bayan na Ang kwento ng Santilimo**" na may aral na tungkol sa mga mahikang hindi maipaliwanag. Hindi maiiwasan ang mga ganitong paniniwala lalo na galing sa mga katutubo. Ang kanilang pamumuhay ay sinasabing naaayon sa mga espiritu, diwata, at iba pang mga nilalang na may taglay na kapangyarihan. Kahit na walang lubos o konkretong ebidensya para patunayan ang mga ito, ang mahalaga ay ang pagbibigay respeto para panatilihing balanse at maayos ang pamumuhay ng lahat ngnakatira dito sa mundo. Ang "**Kwentong Bayan na Sundalong Kabakhawan**" na mayroong aral "Itong kwento na hango noong panahon ng World War II ay nagbibigay ng tatlong importanteng aral. Una ay ang dapat pangalagaan ang mga bigay na regalo ng kalikasan dahil sila ay nandiyan upang protektahan ang mga tao at ang lugar na kanilang nasasakupan tulad na lamang ng mga kabakhawan. Pangalawa, sinasalamin dito ang malakas na pananampalataya ng mga tao sa kanilang Patron na si San Pedro na hanggang ngayon hindi parin kumukupas. Pangatlo ay ang importansya ng pagiging matalino sa laban. Minsan ay wala naman ang panalo sa dami ng mga mandirigma, minsan ay nasa katalinuhan ito ng mga lalaban. Ang "**Kwentong Bayan na Ang Kwento Ng Federoad**" na may aral na "Ang pag-unlad ng isang lugar ay nakasalalay sa mga taong naninirahan dito. Kalaunan, ang isang simpleng daan ay naging sentro na ng pamumuhay. Kung ito ay kaisipang papairalin sa bansa, hindi malayong umunlad din ito pagdating ng panahon kung ang mga naninirahan ay bukal sa pusong pangangalagaan ito. Ang "**Kwentong Bayan na Ang Kwento ni Maria at Kasili**" na may aral na "pagbabagong anyo. May mga pagkakataon na nakadepende ito sa kung sino ang nakatingin. Minsan naman ay sa porma o ayos ng isang tao. Sa kwento, bagamat ipinahayag na si Maria ang magandang babae, walang nakakilala sa kanya. Ito man ay dahil sa kanyanh ayos o dahil si hindi bukas na pag-iisip ng mga nakita sa posibilidad, marahil hindi na ito ibinunyag sa mga kapitbahay para na lamang hindi mapag-usapan o mahusgahan. May mga bagay at ugaling mas ipinapakita na lamang ng isang indibidwal sa mga pamilya at malapit na kaibigan dahil marahil noon pa man ay bahagi na ng kultura ang mga usap usapan o kaya naman mga tsismis. Ang "**Kwentong Bayan na Masdong Tao at Tyaka Aswang**" na may aral na "Ang katahimikan o kapayapaan ay makakamtan kung may gagawa ng paraan." Hindi maiiwasan sa isang bayan ang iilang mga dahilan ng peligro. Sa pagkakataong ito, si Polana, ang aswang ang siyang nagdudulot ng takot sa buhay ng mga taumbayan. Sa mga ganitong pagkakataon, ang makakatulong sa lugar ay ang matatapang nitong mamamayan na handang magsakripisyo at humarap sa delubyu para sa ikabubuti ng nakararami. At sa pagtatapos ng istorya, napakita namang hindi nasayang ang kanilang ginawa. Ang "**Kwentong Bayan na Pulo ng Liwayway**" na mayroong aral na "Kung patutuloy kang susubok na harapin ang di siguradong bukas nang may pag-asang maaayos din ang lahat ayon sa gusto ng Diyos." Ang mga suliraning kinaharap sa kwento ay hindi biro ngunit ang pananatili ng pag-asa at pananampalataya ay isang lakas na hindi kayang panghawakan ng kung sino man. Ang "**Kwentong Bayan na Prinsipe Agtaay**" na may aral na "Hindi dapat hinuhusgahan ang kakayahan ng isang tao ayon sa panglabas

Copyright © 2024 IJAMS, All right reserved

na kaanyuhan. Hindi mo masisigurado ang magiging epekto nito sa iba at sa sarili. Sa kwento ding ito pinakita na ang diniligan lamang na mga pananim ni Prinsipe Agtaay ay ang mga pagmamay-ari ni Teresita. Ito ay sumisimbolo na babalik saiyo ang kung ano mang ipinakita mo sa kapwa. Nang pakitaan siya ng kabutihan ay hindi nya binigo ito, at kabaliktaran naman para sa mga nagpakita ng panghuhusga.

Ang koleksyon ng mga kwentong bayan ng mga Clavernon sa Claver, Surigao del Norte ay naglalaman ng mga aral at kahulugan na nagpapakita ng kultura, mga halaga, at karanasan ng komunidad. Ang akda ni Damiana L. Eugenio (2020), "Philippine Folk Literature: The Legends," ay may malalim na koneksyon sa mga kwentong-bayan ng mga Clavernon sa Claver, Surigao del Norte. Sa pamamagitan ng pag-aaral ng Filipino folklore at oral literature, natatangay ang maraming elemento ng kultura at tradisyon ng mga lokal na komunidad. Binibigyang-diin ni Eugenio ang kahalagahan ng mga kwentong-bayan sa pagsalin ng mga aral, pangarap, at karanasan ng mga tao. Ang kanyang akda ay nagbibigay daan para sa masusing pagsusuri sa mga sagisag, tema, at simbolismo na maaaring matagpuan sa kwentong bayan ng Clavernon. Ito ay nagpapalalim ng pang-unawa sa pag-usbong at pag-iral ng mga kwentong-bayan sa konteksto ng pambansang panitikan, na nagpapakita kung paano ang literatura ay naglalarawan at nagbibigay-halaga sa kultura ngisang komunidad.

**Talahanayan 2**
**Mga Suring Tema ng mga Kwentong Bayan**

| Pamagat | Piling Pahayag ng Kwentong Bayan | Tema |
|---|---|---|
| Cabugo | "WHAT IS THE NAME OF THAT BIRD" sagot naman ay CABUG/PANIKI iyan padre. Tumagos sa isipan ng pari kung paano niya paalisin ang mga Paniki. Nang nag mesa na ang pare sinabi ng pare sa loob ng simbahan CABUG go go go kung sa ating salita ay alis alis alis yun ang naging paraan ng pare na gamitin ang kanilang sariling linguawhi upang mapa alis niya ang mga Paniki na naninirahan sa Kapilya." | Pagpapahalaga sa kanyang tungkulin bilang misyonaryo |
| Ang Lumang Puno | "Ang kwento ni Mang Juan tungkol sa lumang puno ay nagkalat sa buong bayan, at marami ang nagtungo sa bundok para humingi ng tulong. Muling nabuhay ang pag-asa sa bayan, at naging inspirasyon ang kwento ni Mang Juan sa pagtutulungan at pag-aalaga sa kapwa." | Pag-asa |
| Tayaga | "Nagsiliparan ang mga ito dahil sa sobrang lakas ng hangin at sa pamamagitan lamang ng dasal at bibliya ng panginoon. Sila ay orasyonan man wala silang lakas laban kay Santiaga. Ni walang Armas si Santiaga sa panahong iyon tanging dasal lamang ang ginawa upang talunin ang mga pirata." | Debosyon |
| Ang kwento ng Santilimo | "Ang buong akala nila ito ay Isang tao ngunit sa nasaksihan napag alaman nilang hindi pala ito pangkaraniwang tao. Ito ay Isang Santilmo na mga Espirito na galing sa patay." | Espiritwalidad |
| Sundalong Kabakhawan | "Pagkatapos ang mga tao nanarihan doon ay may mga devoted sa kanilang Patron na si San Pedro Claver na pinaniniwalaan na promoptotekta sa kanila sa pamamagitan ng Kabakhawan upang hindi sila lusubin ng masasamang tao, kaya hindi natuloy ang pag lusob ng mga hapones dahil sa kanilang pinaniniwalaan." | Himala |
| Ang Kwento Ng Federoad | "Noon mayroon daan na daanan lamang ng karabaw papuntang sapa at ito'y isang gubat na napakamaraming iba't-ibang puno at tanging makikita | Pag-unlad |

Copyright © 2024 IJAMS, All right reserved

| | | |
|---|---|---|
| | dito ay ang tatlong bahay lang. Dumating sa punto na patuloy na pag-unlad ng lugar. Nagawan ito ng maayos na daanan na madaanan ng mga tao” | |
| Ang Kwento ni Maria at Kasili | “Nakikinig lamang si Maria pero ang hindi alam ng kapitbahay niya, siya ang napakagandang babae na iyon. Dahil sa kanyang kapangyarihan na tanging ang kanyang kaibigang kasili ang nakakaalam.” | Pagpapahalaga sa kapangyarihan |
| Masdong Tao at Tyaka Aswang | “Sa kabilang bahay may nagkaroon ng birthday at may aswang doon na kakilala lang sa lolo ni tatay Kikoy pangalanan nalang nating Polano at ang Aswang ay sa pangalang Polana sila ay magkakilala lamang si polana ay kilalang leder ng mga asawang at may birthday sa kanilang kapit bahay at doon magkalayo ang bahay noong unang panahon.” | *Immortal* na nilalang. |
| Pulo ng Liwayway | "Sa bawat umaga, may pag-asa na sisiklab, gaya ng liwayway na dumadampi sa iyong tanawin. Ang pag-ibig at pananampalataya sa sarili at sa kapwa ay magdadala ng lihim na biyaya." | Pag-asa |
| Prinsipe Agtaay | “Naka takda nang kuhain si Maria ng isang Sawa nag tungo siya sa sawa dahil kung hindi siya roon pupunta wawasakin ang palasyo. Hindi lingid sa kaalaman ng mga tao na si Agtaay ay isang Prinsepeng makapangyarihan. Doon nag simula na nakipag laban si Agtaay sa Sawa pagkatapos ay nag pakilala siya na isa siyang prinsepe, mula noon nakilala siyang Prinsepe Agtaay.” | Pagkatao |

Matutunghayan sa talahanayan 2 ang mga temang napapaloob sa mga kwentong bayan na nilikom ng mga mananaliksik. Ang kwentong bayan na pinamagatang “**Cabugo**” ay may temang napapaloob na “Pagpapahalaga sa tungkulin bilang misyonaryo” dahil masisilayan ang kahalagahan sa pagiging isang misyonaryo na kung saan gumawa ito ng paraan para mapaalis ang mga Paniki sa kapilya upang ito ay makapag mesa ng maayos at walang inaatubling pag aalala. Ito ay pinagmulan ng lugar “Cabugo” dahil sa maraming naninirahang Paniki sa lugar.

Ang kwentong bayan “**Ang Lumang Puno**” na may temang “Pag-asa” dahil sa may kakayahan itong mag pagaling sa sino mang tao basta’t meyroong tapat na hangarin. Makikita sa kwento na si Pedro ay may malubhang sakit at wala na itong pag asa pang gumaling ngunit sa kanyang narinig na kwento na may isang Lumang Puno na may kakayahang magpagaling ng kahit anong mang sakit bastat ikaw ay may tapat na hangarin sa iyong sarili. Kaya dahil dito nagkaroon siya muli ng pag-asa.

Ang kwentong bayan na pinamagatang “**Tayaga**” na may temang “pagiging debosyonarya” dahil sa pagiging tapat sa pananampalataya sa panginoon na kung saan matutunghayan sa kwento ang isang babae na nasubok ang kanyang pagiging tapat sa panginoon ng napalaban siya sa mga Pirata na maraming mga armas at ni isa sa babaeng si Santiaga ang tanging sandata lamang niya ay ang pagiging pananampalataya sa panginoon upang protektahan ang lugar na kanyang pinagmamay-arian at mula non naging bantog na tawagin ang isang lugar na Tayaga dahil sa pangalan ng Babaeng si Santiaga.

Ang kwentong bayan na “**Santilmo**” na mayroong temang “Espiritwalidad” sapagkat ito ay mula sa espirto ng yumaong mga patay. Makikita sa kwento na may tatlong mananahi at sila ay walang ilaw pero dahil may nakita silang ilaw humingi ito ng tulong nagbaba sakali lang na sila ay tulungan at sinabing pwedi mo ba kaming ilawan pag ka ilang segundo ay umilaw ng malakas at nag taka ang mga mananahi dahil hindi nila nakita ang mukha nito at bigla nalang nawala kaya

Copyright © 2024 IJAMS, All right reserved

dahil sa pangyyayaring iyon doon nagmula ang salitang Santilmo na kung saan ito ay mga espritong galing samga yumaong mga patay.

Ang kwentong bayan na pinamagatang "**Sundalong Kabakhawan**" ay may temang "Himala" dahil sa biglaang pagatras ng mga sundalong Hapones sa kanilang paglusob kahit na gaano pa sila karami at handang lupigin ang lungsod. Matutunghayan sa kwento na dahil sa paniniwala ng mga tao sa kanilang patron, ito ang naging bungsod sa himalang nangyari kung saan inakala ng mga Hapones na ang kabakhawan na nakahanay at ang mga sanga nito na kung tingnan ay para talagang mga sundalong may hawak na mga armas at naghihintay sa kanila sa baybayin upang protektahan ang kanilang teritoryo. Dahil rito ay wala talagang nangyaring masama sa lugar na iyon at ma pa hanggang ngayon ay patuloy parin nilang pinapangalagaan ang mga kabakhawan.

Ang kwentong bayan na pinamagatang "**Federoad**" na may temang napapaloob na "Pag-unlad" dahil makikita sa kwento na kung saan ang lugar na Federoad ay isang daanan lamang ng kalabaw ngunit sa kalaunan sa patuloy na pagbabago nagawan ito ng maayos na daanan at ito ang naging dahilan sa pag-unlad ng nasabing lugar na tinatawag na ngayong Federoad.

Ang kwentong bayan na "**Maria at Kasili**" na may temang "Pag-asa" dahil makikita sa kwento na akala ng mga kapitbahay na si Maria ay isa lamang siyang simpling dalaga ngunit hindi lingid sa kanilang kaalaman na ito pala ay nagpapalit anyo sa pamamagitan ng kanyang tinatagong kapangyarihan na ang tanging nakakaalam nito ay ang kanyang nagiisang kaibigan na Kasili.

Ang kwentong bayan na "**Masdong Tao at tyka Aswang**" na may temang "Immortal na nilalang" dahil makikita sa kwento na ang Aswang at Masdong Tao ay hindi karaniwang nilalang bagkus ito ay may ibat ibang kapangyarihan na taglay sa kanilang pakikipaglaban saisat-isa.

Ang kwentong bayan na pinamagatang "**Pulo ng Liwayway**" na may temang "Pagpapahalaga sa kalikasan" dahil makikita sa kwento na mayroong isang diwata na nagngangalang Lira na biglang dumampi sa tanawin at nagbigay ng Liwayway sa mga taong nawalan ng pag asa at simula non dahil sa pulo ng liwayway na handog ni Diwatang Lira muling nagbalik ang kanilang pag asa sa kanilang mga sarili at sa kapwa nito.

Ang kwentong bayan na pinamagatang "**Prinsipe Agtaay**" na may temang napapaloob na "Pagkatao" na kung saan masasalamin sa kwento na si Agtaay ay isa lamang siyang stranyo na napadpad sa lugar na lawihon at sa pangyayaring kanyang nasaksihan na halos wala ng mga taong nakatira sa lugar na iyon sinubukan nitong magtanong na bakit ganon na ang nangyari kaya narinig niya na dahil sa malaking sawa na parang sarpenting lumilipad na isa isa ng kinain nito ang mga tao. Kaya sinubok talaga dito ang kanyang prinsipyong protektahan ang mga taong na sa panganib kaya nagawa nitong labanan ang sinasabing Sawa at sa huli ito ay nagtagumpay at napatunayan niya ang kanyang prinsipyong protektahan ang mga tao. Dito nagmula na pinangalan siyang Prinsipe Agtaay.

Copyright © 2024 IJAMS, All right reserved

Ang akdang "Philippine Folk Literature" ni Santos (2019) ay nagbibigay daan sa malalim na pagsusuri ng mga mito at kwentong-bayan sa Pilipinas. Ang mga temang itinatampok sa mga kwentong-bayan na nilalarawan ni Santos, tulad ng kahalagahan ng pangalan, pag-asa, laban, espiritwalidad, at pag-unlad, ay nagbibigay ng konteksto sa pagsusuri ng mga kwentong-bayan ng mga Clavernon sa Claver, Surigao del Norte. Sa kanyang akda, maaaring matuklasan kung paano iniuugma ang mga lokal na kwento sa mas malawak nakultura ng Pilipinas.

**Talahanayan 3**
**Mga Suring Simbolismo Batay sa Nakalap na Kwentong Bayan.**

| Pamagat | Piling Pahayag ng Kwentong Bayan | Simbolismo |
|---|---|---|
| Cabugo | Nang dumating na ang mga pari sa simbahan na pansin niya ang mga paniki na nag sisiliparan at napakarami. Nang nag misa na ang pare sinabi ng pare sa loob ng simbahan CABUG *go go go* kung sa ating salita ay alis alis alis. Yun ang naging paraan ng pare na gamitin ang kanilang sariling linguahi upang mapa alis niya ang mga Paniki na naninirahan sa Kapilya. | Paniki |
| Ang Lumang Puno | Desperado si Pedro at naisipan niyang pumunta sa bundok para subukan ang sinasabing kapangyarihan ng lumang puno.<br>Dahil sa tapat na hangarin ni Pedro, nagsimula ang kakaibang pag-iilaw ng puno at nadama ni Pedro ang init na nagmumula rito. Pagkatapos ng ilang sandali, biglang nawala ang sakit ni Pedro at siya ay nagbalik sa kanyang bayan nang buo ang lakas. | Lunas |
| Tayaga | Ngunit naglaban si Santiaga at ang mga pirata dahil nais kunin ng mga pirata ang tirahan ni Santiaga.<br>Nagsiliparan ang mga ito dahil sa sobrang lakas ng hangin at sa pamamagitan lamang ng dasal at bibliya ng panginoon. Sila ay orasyonan man wala silang lakas laban kay Santiaga. Ni walang Armas si Santiaga sa panahong iyon tanging dasal lamang ang ginawa upang talunin ang mga pirata. | Pagkamadasalin |
| Ang kwento ng Santilimo | Ngunit nang mapatingin sila sa bintana may nakita silang tao na may dalang soyo(ilaw) sabi ng isa sa kanila, kung sino ka man pwede po bang pa sindi kami kasi nawalan kami ng ilaw habang nagbuburda dito sa bahay. Nang sa di inaasahan bigla na lamang itong sumiklab ng parang sunog. | Matulungin |
| Sundalong Kabakhawan | Pagkatapos, ang mga tao na nanirahan doon ay may mga *devoted* sa kanilang Patron na si San Pedro Claver na pinaniniwalaan na promoptotekta sa kanila sa pamamagitan ng Kabakhawan upang hindi sila lusubin ng masasamang tao, kaya hindi natuloy ang pag lusob ng mga Hapones dahil sa kanilang pinaniniwalaan. | Kawangis |
| Ang Kwento Ng Federoad | Dumating sa punto na patuloy na pag-unlad ng lugar. Nagawan ito ng maayos na daanan na madaanan ng mga tao at ng lumaon ay pinangalan ito ng mga matatanda na feeder-road hanggang sa lumaon ay isang R nalang ang salitang feeder-road dahil sa isang daanan lang naman siya. Ito'y naging susi na dumami ang mga taong nanirahan dito. | Pag-unlad |
| Ang Kwento ni Maria at Kasili | Nakikinig lamang si Maria pero ang hindi alam ng kapitbahay niya, siya ang napakagandang babae na iyon. Dahil sa kanyang kapangyarihan na tanging ang kanyang kaibigang kasili ang nakakaalam. | Kagandahang loob |
| Masdong Tao at Tyaka Aswang | Ang kaibigan muna ni polano ang maataki na may dalang spada ngunit hindi ito na tamaan, pangalawa naman ay sa buntog ng pagi hinagis ito pa punta kay polana ngunit hindi rin ito tinamaan hangang sa huli na punta siya sa merong dalang dahon ng pinya at doon siya na saksak sa tiyan at | Katapangan |

Copyright © 2024 IJAMS, All right reserved

| | | |
|---|---|---|
| | namatay ito, ngunit sa kasamaang palad namatay rin ang isa sakanilang kaibigan. | |
| Pulo ng Liwayway | Mula sa gabay ng Diwatang si Lira, nagtanim si Mang Pedro ng mabuting kaisipan at pag-asa sa kanyang puso. Ang kanyang mga kilos ay nagdulot ng masaganang ani at pag-unlad sa buhay ng kanyang komunidad. | Positibong pananaw |
| Prinsipe Agtaay | Hindi nawalan ng pag-asa si Agtaay muli siyang sumubok sa pangatlong pagkakataon sa bunso na si Trisita, sabi niya Trisita wala na akong mahihingian ng tulong ikaw nalang. Baka marami kang ginagawa maari bang ako nalang ang mag didilig ng iyong mga halamang bulaklak tuwing umaga, papakainin mo lang ako sapat na sa akin. O sige hindi man ako katulad ng ugali sa dalawa kong kapatid ikaw ay maari ng mag simula bukas. Sumagot si Agtaay, maraming salamat talaga Trisita at ikaw ay pumayag. | Patsada o facade |

Matutunghayan sa talahanayan 3 ang simbolong napapaloob sa mga kwentong bayan nanalikom ngmananaliksik.  Ang kwentong bayan na **Cabugo** na may simbolismong “Paniki” na kung saan nagbigay daan ang mga ito na makilala ang pinagmulan ng pangalan ng kanilang lugar na Cabugo. Ito ay makikita sa kwento na dahil sa kagustuhan ng paring misyonaryo na paalisin ang mga paniki na namalagi na sa simbahan sa kadahilanang walang gumagamit sa establisyementong ito, lagi niyang sinasambit ang katagang “cabug go go go. At ito ang nag-ugat sa salitang Cabugo na nilapat upang maging opisyal napangalan ng lugar.

Ang kwentong bayan na **Ang lumang Puno** na may simbolismong “Lunas” na kung saan naglakas ng loob si Pedro kahit na hindi sigurado ang kwentong kaniyang narinig para lang makahanap ng lunas sa kaniyang sakit. Ito ang nagpipinta sa katangian nating mga tao na hahamakin ang lahat para lang sa bagay na ating gustong makamit. Kumakatawaan rin ito sa katagang, “Kung gusto, may paraan.” Natunghayan ito sa kwento kung saan ang pangunahing tauhan na si Pedro siya ay may malubhang sakit at tila wala ng pag-asang gumaling. Subalit nabuhayan siya ng loob noong makarinig siya ng kwento tungkol sa lumang puno sa kabundukan na nagbibigay ng lunas para sa lahat kahit gaano pa kalubha ang sakit nito. Tila imposible ngunit tinahak ni Pedro ang kanyang landas para lang sa sentro ng kwento, ang lunas.

Ang kwentong bayan na **Tayaga** may simbolismong “Pagkamadasalin” na kumakatawaan sa pananampalataya at espiritwal na lakas na nagbibigay kapangyarihan kay Santiaga. Dahil masasalamin sa kwento na kung saan mayroong mga Pirata na may ibat-ibang kapangyarihan at nais nitong sakupin at kunin ang tinitirhan ni Santiaga ngunit hindi ito naging hadlang kay Santiaga sapagkat siya ay may sandatang dasal na kayang puksain ang mga Pirata.

Ang kwentong bayan na **Santilmo** na may simbolismong “matulungin” na kung saan ang mga misteryusong nilalang ay may likas na tumulong sa mga tao. Matutunghayan sa kwento na may tatlong babae na nakakita ng isang nilalang na hindi man lang masilayan ang mukha nito at sila ay humingi ng tulong upang sila ay mailawan sapagkat sila ay nagbuburda ng mga damit sa hindi inaasahan sila ay inilawan ng malakas at sa nagyaring iyon ay nakatulong sa mga babae upang ipagpatuloy ang kanilang pagbuburda.

Copyright © 2024 IJAMS, All right reserved

Ang kwentong bayan na **Sundalong Kabakhawan** na may simbolismong “Kawangis” na kung saan ay inakala ng mga Hapones na ang kabakhawan na nakahanay at ang mga sanga nito na kung tingnan ay para talagang mga sundalong may hawak na mga armas. Makikita sa kwento na mayroong mga Hapones na napadpad sa ibat-ibang lugar dito sa Pilipinas nais nitong sakupin ang isang bayan na Claver ngunit dahil sa napakaraming Kabakhawan na ang wangis nito ay parang mga sundalong naghihintay at mukhang handang ipaglaban ang kanilang lupain. Ito ang naging daan upang umatras ang mga Hapones sa kanilang paglusob na siyang laking gulat ng mga residente at ganoon ang naging akala ng mga Hapones sa mga kabakhawan sa kanilang baybayin.

Ang kwentong bayan na Ang kwento **Federoad** na may simbolismong “Pag-unlad” sa pamamagitan ng pakikipag ugnayan ng mga tao na nagiging sanhi upang mapadali ang kanilang pang araw-araw na kinakaharap sa buhay. Ito ay tumutukoy sa pag-usbong ng sibilisasyon kasabay ng panahon. Noon ay may isang maliit na daan na kung saan ito ay daanan lamang ng kalabaw. Ngunit, sa paglipas ng panahon ito ay lumawak, at naging tuwid, sementado, at maayos na ang daan at puwede ring daanan ng mga sasakyan. Kaya napangalanan nila itong Federoad.

Ang kwentong bayan na **Ang kwento ni Maria at Kasili** na may simbolong “kagandahang loob” na kung saan ang kakayahan ng isang tao ay hindi nasusukat sa kung anong meron ka. Sapagkat masisilayan sa kwento na si Maria ay isang simpling babae ngunit may angking kapanyarihan ito na si Kasili lamang ang nakakaalam. Ang sumisidlak na damit ni Maria na parang ginto ay tumutukoy sa kanyang panloob na kagandahan na hindi nakilala ng kanyang kapit bahay. Inilalarawan nito ang kahalagahan ng mga tunay na kaibigan kung saan si Kasili lamang ang nakakakita kung gaano kaganda ang kalooban ni Maria.

Ang kwento bayan na **Masdong Tao at Tyka Aswang** ay simbolismong “katapangan” na sumasagisag sa kapangyarihan ng tao na harapin ang paghahamok o pagpupuyagi sa buhay. Ito ay kumakatawan sa interpretasyon na kahit anong pagsubok ang harapin ay makakayanan natin itong malampasan sa pamamagitan ng tapang at tulungan. Makikita sa kwento na kayang kaya ni Polano ang kahit na anong mabibigat na trabaho dahil sa kanyang kapangyarihan na orasyon o gahum. Subalit dumating ang araw at nakahanap ito ng kanyang katapat na reynang aswang na si Polana kung saan kailangan niya itong puksain upang hindi siya magdulot ng kasamaan sa kanilang lugar. Nakamit naman ni Polano ang kanyang layunin sa pamamagitan ng kagitingan at sa tulong ng kanyang mga kaibigan na nagpapatunay sa katagang hindi mo kailangang pasanin ang buong mundo at hindi masamang humingi ng tulong saibang tao upang magampanan ang layunin.

Ang kwentong bayan na **Pulo ng Liwayway** ay may simbolong “positibong pananaw” na tumutukoy sa tila bagong buhay na naipagkaloob kay Mang Pedro sa harap ng kahirapan dahil sinimulan niyang piliin na masdan ang buhay sa positibing pananaw. Nagsilbi itong bagong simula dahil sa handog na pag-asa ni Diwatang Lira sa pamamagitan ng pananampalataya. Namasdan natin sa kwento na dahil sa mga binanggit ni Diwatang Lira na mga salita tungkol sa positibong pananaw sa buhay, nagkaroon ng pag-asa si Mang Pedro at tila tumatag ang kanyang kalooban na harapin muli ang pagsubok sa buhay. Sumasalamin ang kanyang mabuting kaisipan kalaunan sa

Copyright © 2024 IJAMS, All right reserved

masaganang ani at pamumuhay ni Mang Pedro pati na rin ang iba pang mga tao sa baybayin. Nagsasaad ang kwentong ito na kahit ika'y nasasadlak ay mayroon pa ring pag-asa para sa isang panibagong simula kung babaguhin mo angiyong pananaw sa buhay.

Ang kwentong bayan na **Prinsipe Agtaay** ay mayroong simbolong "patsada o façade" kung saan ay hindi lahat ng tao ay tatanggapin kung sino ka ngunit mamahalin ka lamang kapag ikaw ay nagpakitang malas sa iyong mga gawa o nagtanggal ng maskara. Bagamat may mga taong ganito, mayroon pa rin namang may mabubuting kalooban na hindi manghuhusga at binibigyan din sila ng gantimpala dahil sa kanilang gintong puso. Kahit na hindi tanggap ng lipunan si Agtaay ay pinili pa rin nyang humanap ng taong kaya siyang tanggapin nang hindi bumabase sa panlabas na anyo estado.

Pinagtibay ni Spears (2021) na ang pagkakakilanlan ng grupo ay nagbabalangkas ng mga pagpapahalaga, nag-autorisa ng mga pamantayan o norms, at samakatuwid ay potensyal na nagpakahulugan sa moralidad ng grupo. Pinatunayan lamang nito na ang mga simbolong pagpapahalaga na naisaad sa mga kwentong bayan na ito ay ang nagbibigay ng identidad sa isang lipunan o lungsod. Mula noong unang panahon ay ginagamit na ng mga tao ang mga *core values* sa kanilang pamumuhay na siyang nagsisilbing patnubay o gabay sa pakikipag-ugnayan sa mga kapwang nakapaligid sa kanila at magpasibol ng magandandang relasyon sa mga tao.

**Talahanayan 4**
**Ugnayang Kultural hinggil sa mga Kwentong Bayan**

| Pamagat | Piling pahayag ng Kwentong Bayan | Kultural na Ugnayan |
|---|---|---|
| Cabugo | Nang nag misa na ang pare sinabi ng pare sa loob ng simbahan "CABUG go go go" kung sa ating salita ay "alis alis alis" yun ang naging paraan ng pare na gamitin ang kanilang sariling linguawhi upang mapa alis niya ang mga Paniki na naninirahan sa Kapilya. | Pagpapahalaga ng lenggwahe |
| Ang Lumang Puno | Ang kwento ni Mang Juan tungkol sa lumang puno ay nagkalat sa buong bayan, at marami ang nagtungo sa bundok para humingi ng tulong. Muling nabuhay ang pag-asa sa bayan, at naging inspirasyon ang kwento ni Mang Juan sa pagtutulungan at pag-aalaga sa kapwa. | Pakikipagkawang gawa |
| Tayaga | Ngunit naglaban si Santiaga at ang mga pirata dahil nais kunin ng mga pirata ang tirahan ni Santiaga.<br>Nagsiliparan ang mga ito dahil sa sobrang lakas ng hangin at sa pamamagitan lamang ng dasal at bibliya ng panginoon. | Pananampalataya |
| Ang kwento ng Santilimo | Isang araw, may nagsasabi na babae na nagsasaad na may Santilmo. Ito daw ay nagmula sa mga patay na Espirito dahil noon ay wala pang mga ilaw na tulad sa kung ano meron tayo ngayon. | Paniniwala |
| Sundalong Kabakhawan | Pagkatapos, ang mga tao na nanirahan doon ay may mga devoted sa kanilang Patron na si San Pedro Claver na pinaniniwalaan na promoptotekta sa kanila sa pamamagitan ng Kabakhawan upang hindi sila lusubin ng masasamang tao, kaya hindi natuloy ang pag lusob ng mga Hapones dahil sa kanilang pinaniniwalaan. | Pagmamahal ng Bayan |

Copyright © 2024 IJAMS, All right reserved

| | | |
|---|---|---|
| Ang Kwento Ng Federoad | Ito'y naging susi na dumani ang mga taong nanirahan dito dagdag pa nito nagbukas para sa kanila magkaroon ng lugar na matatawag na kanila, kaya ng lumaon unti-unting napaganda at ito'y sementado na pwede ng madaanan ng mga sasakyan at naging bukas na sa mga taong nanirahan dito ang pagmamahal sa kanilang sariling daan. | Panlipunan |
| Ang Kwento ni Maria at Kasili | Siya ay sobrang tahimik lang sa kanilang bayan. Nagkaroon siya ng kaibigan na ang pangalan ay si kasili na naninirahan sa balon (atabay). Ito lang ang nag-iisang kaibigan ni Maria. | Pagkakaibigan |
| Masdong Tao at Tyaka Aswang | Naglalakad parin si Polano hangang sa makauwi ngunit meron siyang nakitang lawa o sapa doon kinuha at ibinatik ang ulo ni Polana sa tubig pina lumosan niya ito kung baga, hangang ang tatlong kaibigan ni polano ay nakakita sa kanya tinulungan nila si Polano at pinabayaang makawala si Polana dahil hindi naman ito madaling mamatay sapagkat meron sa mga ispiritong mangkadiliman, kaya naisipan nilang puntahan ang bahay ni Polana at patayin siya. | Kapayapaan |
| Pulo ng Liwayway | "Sa bawat umaga, may pag-asa na sisiklab, gaya ng liwayway na dumadampi sa iyong tanawin. Ang pag-ibig at pananampalataya sa sarili at sa kapwa ay magdadala ng lihim na biyaya." Mula sa gabay ng Diwatang si Lira, nagtanim si Mang Pedro ng mabuting kaisipan at pag-asa sa kanyang puso. Ang kanyang mga kilos ay nagdulot ng masaganang ani at pag-unlad sa buhay ng kanyang komunidad. | Katatagan o *resiliency* |
| Prinsipe Agtaay | Hindi nawalan ng pag-asa si Agtaay muli siyang sumubok sa pangatlong pagkakataon sa bunso na si Trisita, sabi niya Trisita wala na akong mahihingian ng tulong ikaw nalang. Baka marami kang ginagawa maari bang ako nalang ang mag didilig ng iyong mga halamang bulaklak tuwing umaga, papakainin mo lang ako sapat na sa akin. O sige hindi man ako katulad ng ugali sa dalawa kong kapatid ikaw ay maari ng mag simula bukas. Sumagot si Agtaay, maraming salamat talaga Trisita at ikaw ay pumayag. Kina umagahan, nag didilig na si Agtaay ng mga bulaklak ni Trisita. Nag taka sina Maria at Floricita na namumukadkad ang mga bulaklak at dumami ito na kumikinang sa sobrang ganda.<br><br>Pagkatapos ay nainggit sina Maria at Floricita naki usap sila kayTrisita na kung maaari ay padidiligan rin ang kanilang mga bulaklak kay Agtaay total ay mag kapatid naman tayo. Hindi diniligan ni Agtaay ang kanilang bulaklak tinanggihan na siya nito noong una pa kaya hindi niya tingap ang paki usap nito sa kanya. | Kabaitan |

Matutunghayan sa talahanayan 4 ang ugnayang kultural napapaloob sa mga kwentong bayan nanalikom ng mananaliksik. Ang kwentong bayan na **Cabugo** ay sumasalamin sa dikit na ugnayan ng wika ng Cabugo na humubog sa kanilang kultura. Tunay na makapangyarihan ang "pagpapahalaga ng lenggwahe" na kahit ibang lenggwahe ay naging parte na ng ugat na pinagmulan ng Cabugo dahil ang mga kaganapan sa kasaysayan ay parte rin ng ating kultura. Ito ay malinaw na inilarawan sa naturang kwento kung saan ang pangalan ng lugar ng Cabugo ay deribatibo sa isang pariralang Ingles o phrase na laging sinasambit ng pari upang mapaalis ang mga paniki na humaligi na sa simbahan noong panahon na iyon. Nagsisilbi itong patunay kung gaano pinapahalagahan ng Cabugo ang naging sikat o napapanahon na kataga noon ng pari ay naging tanyag na pangalan nang kanilang lugar ngayon.

Copyright © 2024 IJAMS, All right reserved

Ang kwentong bayan na **Ang Lumang Puno** ay may kaakibat na kultural na ugnayan sa "kwento" kung saan may kakayahan at kapangyarihan ang mga kwento na makaantig at makaapekto sa paniniwala ng mga tao katulad ni Pedro. Nakikita pa rin natin itong kultura sa kasalukuyan na kahit ang may mga malulubha at nakamamatay na sakit ay naniniwala sa mga kwento kahit imposible man, at hahanap ng paraan para lang gumaling. Natunghayan natin sa kwento na dahil kilalang mahilig magkwento si Mang Juan ay labis na naantig si Pedro sa kanyang kwento tungkol sa lumang puno na kayang magpagaling. Hindi nag-atubili si Pedro na tahakin ang landas papunta sa kabundukan upang hanapin ang puno na ito dahil hindi niya sasayangin ang pagkakataon, kahit na tila imposible, para lang gumaling siya sa kanyang sakit. Ang paggaling ni Pedro ay naging hudyat rin para kumalat ng husto ang kwento ni Mang Juan at punan ng pag-asa ang pusong mga tao upang magpatuloy sa buhay, lalo na ang iba pang may mga malulubhang sakit.

Ang kwentong bayan na **Tayaga** ay naglalarawan ng kahalagahan ng "pananampalataya" na may kaukulan sa larangan ng kultura dahil ito ay sumasalamin sa malalim na pananampalataya at relihiyosidad ng mga Pilipino. Ang relihiyon at paniniwala sa Diyos o nilalang na may mataas na pwersa ay matagal nang kaakibat ng pagiging Pilipino. Naisasaad ng kwento na ang pananampalataya, debosyon, at dasal lamang ang sukdulang sandata para mapuksa ang kasamaan at protektahan tayo kahit sa mahimalang mga paraan na hindi maipapaliwanag ng siyensiya. Ipinapakita nito na kahit anong pagsubok o panganib ay kaya nating lagpasan sa pamamagitan ng tiwala at pananampalataya sa Diyos na hindi tayo pababayaan.

Ang kwentong bayan na **Ang Kwento ng Santilmo** ay mayroong kultural na ugnayan na "paniniwala" sa espiritong galing sa patay. Ito ay salik na nagpapahiwatig sa pag-iral ng mga hindi pangkaraniwang mga pangyayari sa nakaraan bungsod ng dilim na bumabalot sa lugar at kasalatan sa ilaw. Masasaksihan sa kwento na hindi pa moderno ang mga kagamitan noon kaya't moron o lampara pa lang ang gamit ng mga tao na nagbibigay liwanag. Ngunit mayroong espirito na nagpakita, na napagtanto nilang hindi pala pangkaraniwang tao, kung saan sumiklab ito pagkatapos nilang kausapin.

Ang kwentong bayan na **Sundalong Kabakhawan** ay nagpapakita ng kultural na ugnayan sa paniniwala sa "pagmamahal ng bayan" bilang tagapagligtas ng sangkatauhan. Ito ay nakaukit na sa kultura ng lugar ng Claver sapagkat maraming mairugin na mga debotante ang naniniwala sa kapangyarihan ng kanilang patron na si San Pedro Claver. Isinasaad sa kwento na naitulad ni San Pedro Claver ang mga kabakhawan sa mapanlinlang na wangis ng mga sundalong may armas. Kaya ay ganoon na lamang ang paniniwala ng mga tao na ang kanilang patron ang dahilan sa mapaghimalang pag atras ng mga Hapones kahit gaano pa sila kahanda na lusubin ang lugar.

Ang kwentong bayan na **Ang Kwento ng Federoad** ay sumasalamin sa "panlipunan" na kalakip at bahagi ng ating kultura. Nagpapahiwatig ang kwento na ito sa kahalagahan ng kaunlaran sa pamamagitan ng paggawa ng mga daan na naging tulay upang umusbong ang kanilang lugar sa paglipas ng panahon. Ito ay matutunghayan dahil sa paggawa ng mga daan at pagayos ng mga ito, mas lalong dumami ang mga taong tumitira dito at nagmistulang lungsod na ito sa dami ng mga

Copyright © 2024 IJAMS, All right reserved

taong nagtutulungan upang maging maayos at kanais-nais na matirhan ang lugar naito kung ihahalintulad sa nakaraan.

Ang kwentong bayan na **Ang Kwento ni Maria at Kasili** ay may kaugnayan sa kultura hinggil sa pagpapahalaga ng mga Pilipino sa pagkakaibigan dahil nakakaapekto sila sa ating pamumuhay sa iba't ibang paraan. Ito ay lubos na mahalagang aspeto hinggil sa personal na relasyon ng mga tao at ito rin ay walang alinlangang ating ipinagmamalaki at patuloy na niyayakap ang kariktan ng pagkakaibigan dahil sila lamang ang tunay na nakakakilala sa ating pagkatao. Naipapakita sa kwento na tila si Kasili lamang talaga ang lubos na nakakakilala sa pagkatao ni Maria kung saan inihalintulad ang kanyang mala-gintong damit na tumutukoy sa kanyang panloob na kagandahan dahil hindi siya nakilala ngkanyang kapitbahay.

Ang kwentong bayan na **Ang Masdong Tao at Tyaka Aswang** ay naglalarawan ng kahalagahan ng "kapayapaan" na may kaukulan sa larangan ng kultura sapagkat ito ang isa sa mga rason kung bakit nakilala tayong mga Pilipino, dahil sa ating taglay na kahandaan at boluntaryong tumulong sa kapwa. Makikita sa kwento na tinulungan ng kanyang kaibigan si Polano noong siya ay nasa bingit ng kapahamakan sa kamay ni Polana at noong nag-alsa sila upang sugpuin ang kasamaan ni Polana. Mahihinuha natin mula sa kwento na kahit mapanganib ay tinulungan pa rin ng kanyang mga kaibigan si Polano kahit na hindi sila kasing lakas ni Polano na nabigyan ng orasyon. Napatunayan ng kwentong ito na importante ang bayanihan para mapanatili ang kapayapaan at kasagahang pamumuhay sa komunidad.

Ang kwentong bayan na **Pulo ng Liwayway** ay nagpapakita ng kultural na ugnayan sa "katatagan o resiliency" sapagkat pinapahiwatig ng kwento ang inspirasyon na patuloy na lumaban sa buhay kahit na tila wala ng pag-asa. Dahil sa katatagan ni Mang Pedro at ng kanyang positibong kaisipan, hinarap niya ang mga pagsubok sa kaniyang buhay ng may tiwala at kumpyansa sa sarili. Ang binhi ng pag-asang mula sa mga gabay na sinambit ni Diwalatang Lira ay naging daan upang maging masagana ang pamumuhay hindi lang ni Mang Pedro ngunit pati na rin ang buong komunidad.

Ang kwentong bayan na **Prinsipe Agtaay** ay may kultural na kaugnayan hinggil sa "kabaitan." Tayong mga Pilipino ay kilala sa pagiging mabait at magiliw na pakikitungo sa kapwa o hospitable sa salitang Ingles. Kaya't mahihinuha mula sa kwento na ito ang kahalagahan ng mabuting puso dahil kapag ikaw ay mabuti sa tao, ganoon din ang balik ng mga tao saiyo. Nailalahad sa kwentong ito na si Trisita lamang ang naging mabait sa estrangherong si Prinsipe Agtaay at walang panghuhusga sa itsura nito. Si Prinsipe Agtaay naman ay makikitang nagagalak na mabait si Trisita kahit na hindi kanais nais ang kanyang panlabas na anyo. Sa huli ay bumalik naman kay Trisita ang kanyang kabaitan dahil niligtas siya ni Prinsipe Agtaay mula sa bingit ng kamatayan.

Isinaad ni Sagiv at Schwartz (2022) na ang mga personal na halaga ay malawak na kanais-nais na mga layunin na nag-uudyok sa mga aksyon ng mga tao at nagsisilbing gabay na mga

Copyright © 2024 IJAMS, All right reserved

prinsipyo sa kanilang buhay. Nakakaapekto ang mga ito sa perception, cognition, at pag-uugali ng mga tao sa paglipas ng panahon at sa mga sitwasyon. Pinapatunayan nito na mula pa noong unang panahon ay values na ang batayan ng pagkakakilanlan ng isang lipunan. Ito naman ay nililinang ng bawat bagong henerasyon na ipinapanganak sa pamana ng mga nakaraang henerasyon at nagdaragdag ng bagong mga values. Ang mga pagpapahalagang ito na makikita sa kultura ng Claver ay ang kumakatawan sa kalagayan sa buhay buhay ng mga tao.

## IV. Konklusyon

Batay sa pag-aaral ng mga kwentong-bayan ng mga Clavernon sa Claver, Surigao del Norte, natuklasan ng mga mananaliksik ang mga sumusunod na konklusyon sa pag-aaral; 1. Ang Pasalitang Literatura ng Clavernon sa Claver, Surigao del Norte: Mayaman sa kwentong-bayan ang lungsod ng Claver. 2.Ang mga kwentong-bayan ay hango sa pamumuhay, espiritwalidad, at mga paniniwala ngmga Clavernon. At 3. Ang mga kwentong ito na mayroong kaugnayan sa mga paniniwala ay mga pangyayari kung saan may dala itong proteksyon.

Nararapat na magkaroon ng masugid na pagpapanatili at pagtangkilik sa mga kwentong-bayan. Bumuo ng programa na magsisilbing hikayatsamgakabataan upang maging interesado at mawili sa mga kwentong-bayan. Dapat mabigyang pagkakataon nagawinglunsaran ng mga guro ang mga kwentong-bayan sa sarilinglugar na kinagisnan upang mas maisalin ang gandaatyaman ng kultura sa kasalukuyan.

Ang pagsasagawa ng ganitong dokumentong pananaliksik ay nagdudulot ng magandang implikasyon para sa pagkakaroon at pagpapaunlad ng kultural na identidad at paghahasa ng kasanayan para sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa pamamagitan nag pagpapalaganap at pagbabasa ng mga kwentong-bayan upang magkaroon na kalinangan tungo sa kultibasyon at preserbasyon ng kultura kinagisnan.

## Talasanggunian

[1] Aguinaldo, M. (2020). Ang proseso ng pagpapalitan ng kaalaman at karanasan sakomunidad sa pamamagitan ng mga kwentong-bayan. Mga Pag-aaral sa Kultura at Tradisyon, 25(1), 78-92.
[2] David, J. (2021). Ang Kultura at Kabuluhan ng mga Kwentong Bayan sa Pilipinas. Journal of Filipino Folklore, 10(2), 75-88.
[3] Dela Cruz, J. (2019). Ang pag-aaral samga kwentong-bayan: Pagpapahalaga sa kultura at kasaysayan. Journal of Cultural Studies, 14(3), 102-115.
[4] Demetri, R. (2020). Pagpapahalaga sa mga Kwentong-Bayan: Isang Sistematikong Pagsusuri. Journal of Philippine Folklore, 7(2), 55-68.
[5] Eugenio, D. L. (2019). Mga Kwentong-Bayan: Folk Literature of the Philippines (Vol. 1, pp. 1-150). Manila: Pambansang Alagad ng Sining. 38

Copyright © 2024 IJAMS, All right reserved

Volume IV, Issue 6 June 2024, eISSN: 2799-0664


[6] Lord, A. (2020). Pagbabago at pag-angkop: Ang kakayahan ng oral na tradisyon. Journal of Oral Tradition, 3(1), 20 35.
[7] Magdalena, R. (2020). Pagpapakita ng Pagtutulungan at Pagkakaisa sa mga Kwentong-Bayan. Manila: Pambansang Aklatan.
[8] Ong, W. (2022). Orality and Literacy: The Technologizing of the Word. New York: Routledge.
[9] Sagiv, Lilach & Schwartz, Shalom H. (January, 2022). Personal Values Across Cultures.
[10] Spears, R. (January, 2021). Social Influence and Group Identity.
[11] Santos, G. (2020). Ang pagpapahalaga sa pagtutulungan at pagkakaisa sa mga kwentong-bayan. Journal of Community Engagement, 10(4), 205-218.


Copyright © 2024 IJAMS, All right reserved